



## MENSAHE NG SUPERINTENDENTE

---

**Marso 19, 2021**

Nalulugod akong ibahagi ang update na ito sa ating mga pamilya, kawani, mag-aaral, at komunidad. Sa loob nito, makakakita kayo ng higit pang impormasyon sa aming pamamaraan sa muling pagbubukas, kabilang ang mga plano para sa darating na summer at fall. Mayroon ding ilang paparating na event na maaaring kainteresan mo. Tulad ng dati, umaasa akong nananatili kayong ligtas at malusog.

### MGA PLANO SA MULING PAGBUBUKAS

Habang nagpapatuloy kaming magplano para sa muling pagbubukas ng aming mga paaralan, layunin naming magkaroon ng sapat na oras ng pagpapalano upang matiyak na makapagbibigay kami ng de-kalidad na pagsasaprograma habang pinoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga mag-aaral, kawani, at pamilya.

Sa Hunyo 22, sisimulan namin ang in-person na pag-aaral sa pamamagitan ng isang pinalawig na akademikong taon para sa mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan, at pati na rin ang isang summer school program para sa mga mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon. Magkakaroon din ng mga oportunidad para sa interbesyon sa mag-aaral ngayong summer.

Sa Banning, alam namin ang kahalagahan ng pagbibigay ng in-person na pag-aaral. Kasabay nito, dapat naming tiyakin na nagbibigay kami ng kaligiran sa pag-aaral na nakabubuti sa kalusugan para sa mga mag-aaral at kawani. Nangangailangan ito ng malaki-laking paghahanda at pagpapalano sa parte ng mga administrador ng distrito, aming mga guro, at aming mga kawani.

Kamakailan, ipinasa ng lehislatura ng estado ang [Assembly Bill 86](#), na nagbibigay ng mga insentibo upang muling magbukas ang mga paaralan ng California. Sa panahong ito, hindi kami naniniwala na mas matimbang ang mga pinansyal na benepiso kaysa sa panganib na madaliin ang aming mga plano sa muling pagbubukas. Kapag ginawa ito, maaaring negatibong maapektuhan ang kalidad ng pagtuturo at ang aming mga protokol sa kalusugan at kaligtasan. Nananatili kaming nakatuon sa pagpapalano para sa pagpapataas ng aming lebel ng in-person na pagtuturo ngayong summer at sa susunod na fall.

Ang pakikipag-ugnayan ng aming mga magulang ay patuloy na magiging napakahalaga sa prosesong ito. Mag-iiskedyul kami ng mga pulong ng magulang na may mga interpreter para sa mga pamilya na ang tanging wika sa tahanan ay Spanish, Laos, Tagalog, Arabic, Filipino (Tagalog), Farsi, Hmong, Khmer (Cambodian), Portuguese, Thai, Telugu, Vietnamese, at American sign language.

Ang layunin ng mga pulong na ito ay kumonekta sa mga magulang nang direkta, alamin ang kanilang mga alalahanin, at ibahagi ang aming katwiran at mga plano para sa muling pagbubukas ngayong summer. Nasasabik kaming kumonekta sa mga magulang para magbahagi ng impormasyon at sumagot ng mga tanong sa darating na panahon.

## SERYE NG AKLAT

Nalulugod akong ibahagi na magdaraos kami ng serye ng Superintendent's Book Club kasama ang aming mga magulang at kawani! Tutuon ang aming talakayan sa aklat na [Coherence: The Right Drivers in Action for Schools, Districts, and Systems](#), nina Michael Fullan at Joanne Quinn.

Antabayanan ang isang link na ipapadala sa lahat ng kawani at magulang. Pahihintulutan ka nitong lumahok, matanggap ang libreng aklat, at dumalo sa mga virtual na pulong kasama ang superintendente at gabinete

## MGA PAPARATING NA EVENT

Nasa ibaba ang ilang paparating na event para sa aming mga mag-aaral, pamilya, at miyembro ng komunidad:

### **Serye sa Kaligtasan, Kalusugang Pangkaisipan, at Kabutihan: Kalungkutan at Anxiety**

Martes, Abril 20 sa ganap na 2:00 ng hapon

[Matuto pa](#)

### **Mga Libreng Enrichment Class para sa mga Mag-aaral sa Elementarya at Middle School From the Heart Performing Arts**

[Tingnan ang flyer](#)

### **Virtual na Pagdiriwang ng Pagreretiro**

*Tentatibong petsa: Biyernes, Mayo 14, 4:30-6:00 ng hapon*

### **Seremonya ng Pagtatanim ng Puno**

Para bigyang galang sina Lisa Acosta, Lydia Taylor, Sioux Rees-Mitchell, at ang 13 taong gulang na si Anthony Humphrey - mga mahal sa buhay na nawala sa atin sa nakalipas na dalawang taon. *Tentatibong petsa: Miyerkules, Mayo 19, 4:00-5:00 ng hapon*

### **Virtual na Sesyon ng Pag-aaral ng Lupon**

Sabado, Marso 27, 9 ng umaga-12 ng hapon

### **Virtual na Pulong ng Lupon**

Miyerkules, Marso 31, 4:30 ng hapon

## MGA PAGKILALA

Nasasabik kaming kilalanin ang mga mag-aaral na nagpapakahusay bilang mga mambabasa! Ang mga mag-aaral sa baitang TK-5 ay may access sa myON, isang digital resource na nagbibigay ng personalisadong pagsasanay sa pagbabasa. Na-enjoy ng aming mga mag-aaral ang pagbabasa ng mahigit sa 150,000 minuto at mahigit sa 13,000 aklat. Sa susunod na linggo, paparangalan namin ang aming mga nangungunang mambabasa sa pamamagitan ng pagpapangalan sa kanila at sa kanilang mga paaralan.